

Mrs Lebrada V Bender is interviewed by Maria Christina Wallace. Maria is a student at the School of Philippine Studies in Newcastle.

Saan po kayo galing?

Ako ay nang galing sa bandang Northern Luzon ng Pilipinas.

Maari po bang Ilarawan ninyo ang inyong pinag-mulang bayan?

Ang aming Bayan ay parang city rin, kaso nga lang ang mismong Barrio o Village namin ay mahirap parin dahil lubak-lubak pa rin ang daan at Maallikabok.

Ano po ba ang klase ng inyong tahanan sa Pilipinas?

Ang aming tahanan sa Pilipinas ay maganda rin dahil ito'y gawa sa bato at May tatlong kuwarto, ang aming tubig ay nang-gagaling sa lupa at ang aming ilaw ay gawa ng sariling generator.

Ilarawan mo ang iyong pamilya. Ano ang naging hanap-buhay mo? Nang iyong ama? Nang iyong ina?

Ang mga trabaho ng mga pamilya ko sa Pilipinas, ay tulad ng Tatay ay mag-bubukid, ang dalawa kong kuya ay nag-lilingkod sa Governo at ang aking Inay ay patay na.

Ano po bang espesyal na araw na inyong ipinagdiriwang?

Ang pinakaimportante na celebration sa amin ay Pasko, Bagong Taon, Mahal na Araw, Araw ng mga patay, at ang Pista ng aming barrio ay 28th ng Abril.

Mayroon po ba kayong mga kwento, Awitin o kaya recepe na masasabi?

Maraming kuento, awitin tulad ng Pamasko sa dialect na Ilocano, ganoon din ang recipe na pinaka popular sa mga Ilocano ito ay Pinakbet, Masustansiya sa katawan dahil puro gulay na kailangan ng ating Katawan.

Bakit po kayo umalis sa Pilipinas?

Dahil nag-asawa ako ng Australiano.

Ilan po ang edad ninyo nang umalis kayo sa Pilipinas?

Umalis ako sa Pilipinas noong ako'y 31 taong gulang.

Saan po una kayong tumira sa Australiya? Ipaliwanag nga po?

Ako tumira sa mismong bahay ng biyenan ko dito rin sa Mayfield bale 10 months kami doon.

Ano po ba Ang inyong mga experyensya na masasabi nang bago pa kayo sa Australiya?

Ang experensiya na masasabi ko tungkol sa Australiya noong bago pa lang ako ay talagang maganda, malinis at disiplinado.

Kayo po ba ay nahirapan sa una? Sa pag-sasalita at pag-intindi ng Inglis? Ipaliwanag po.

Sa una ay hindi naman nahirapan dahil sanay na ako noon dahil tumira naman ako sa bansa (Hong-Kong) na ang kanilang English ay British din. Meron din kaunti sa salita na hindi ko maintindihan katulad ng islang wika.

Nakabalik na po Ba kayouli sa Pilipinas? Ano po ba ang mga pagbabago doon?

Oo! Nakabalik ako sa Pilipinas bale dalawang beses na, marami-rami ang Na-iiba, maraming improvement, tulad ng mga daan at mga Shopping Centre.